Nagpapatupad ang Australia ng mahihigpit na hakbang sa mga hangganan para protektahan ang kalusugan ng komunidad ng Australia. Sa kasalukuyan, mayroon lamang napakalimitadong flight papunta at paalis sa Australia at maaaring hindi ka makabiyahe sa ngayon. Maaaring magbago ang mga paghihigpit sa pagbibiyahe. Mangyaring regular itong balikan at tingnan muli. Tingnan ang: Pahayag sa media ng Pambansang Gabinete.

Maliban na lang kung dumadating mula sa hindi na kinakailangan ng quarantine na flight na galing sa isang Lugar na Ligtas Magbiyahe (Safe Travel Zone), lahat ng biyaherong paparating sa Australia, pati na ang mga mamamayang Australyano, ay dapat mag-quarantine sa loob ng 14 na araw sa itinalagang pasilidad, tulad ng hotel sa lugar kung saan sila lumapag. Tingnan ang payo para sa mga biyahero kaugnay ng Coronavirus (COVID-19). Maaaring kailangan mong bayaran ang mga gastusin sa iyong pag-quarantine. Para alamin pa ang tungkol sa mga kailangan sa pag-quarantine, makipag-ugnayan sa kaugnay na departamento ng kalusugan ng gobyerno ng estado o teritoryo.

Gusto kong mag-apply ng visa

Dapat mong muling isaalang-alang ang iyong pangangailangang mag-apply ng visa sa Australia sa ngayon at regular na tingnan muli ang pahinang ito para sa mga update sa mga paghihigpit sa pagbibiyahe at pagpoproseso ng visa.

Mga kaayusan sa pagpoproseso ng Visa

Hindi ka maaaring pumunta sa Australia maliban kung:

- ikaw ay nasa kategorya ng may pahintulot
- napagkalooban ka ng indibidwal na pahintulot sa kasalukuyang mga paghihigpit sa pagbibiyahe o
- nagbibiyahe ka sa loob ng Lugar na Ligtas Magbiyahe na nasa ilalim ng mga kaayusan sa pagbibiyahe na hindi na kinakailangan ng quarantine.

Dapat mayroon ka ring may bisang visa. Tuklasin ang iyong mga opsyon sa visa.

Dahil sa COVID-19, naapektuhan ang panahon sa pagpoproseso ng ilang visa at maaaring mas tumagal ang pagsasapinal ng mga aplikasyon. Inuuna namin ang mga aplikasyon sa visa para sa mga biyaherong may pahintulot mula sa kasalukuyang mga paghihigpit sa pagbibiyahe o nagbibiyahe sa loob ng Lugar na Ligtas Magbiyahe.

Hindi mo dapat kumpirmahin ang iyong mga kaayusan sa pagbibiyahe hangga't hindi ka nabibigyan ng visa (maliban kung isa kang mamamayan ng New Zealand).

Kung naaangkop, dapat kang maghain ng iyong aplikasyon online. Tumutulong ito na pabilisin ang mga kaayusan sa pagproseso.

Pagbisita sa Australia - mga opsyon sa visa

Hindi ka maaaring mag-apply nang online para sa isang Elektronikong Pahintulot sa Pagbibiyahe (Electronic Travel Authority, ETA), o sa pamamagitang ng isang airline o travel agent sa panahong ito.

Sinusubukan namin ang isang mobile app (AustralianETA) para sa ilang may-ari ng passport upang mag-apply para sa isang ETA habang ipinatutupad ang mga paghihigpit sa pagbibiyahe.

Maaari mong gamitin ang AustralianETA upang mag-apply para sa isang ETA kung:

- natutugunan mo ang lahat ng kailangan sa pagiging kuwalipikado para sa ETA, at
- mayroong kang pasaporte na inisyu mula sa Brunei, Canada, Hong Kong (SAR of China), Japan, Malaysia, Singapore, South Korea o United States of America.

Mayroong hindi maaaring i-refund na bayad sa serbisyo na AUD 20 upang mag-apply para sa isang ETA gamit ang AustralianETA. Hindi ka pinahihintulutan ng ETA na magtrabaho sa Australia, o manatili nang higit sa tatlong buwan.

Maaari mong i-download nang libre ang AustralianETA mula sa App Store (Apple) o Google Play store (Android).

Maaaring mag-apply ang mga biyaherong hindi kasama sa pagsubok ng AustralianETA online sa pamamagitan ng ImmiAccount para sa isa pang visa na maaaring umangkop sa kanilang mga pangangailangan.

- Maaaring kuwalipikado ang mga may-ari ng European passport para sa isang eVisitor (subclass 651) visa. Walang Visa Application Charge (VAC) o bayad sa serbisyo para sa aplikasyon sa isang eVisitor visa.
- Maaaring kuwalipikado ang iba pang may-ari ng passport para sa Visitor (subclass 600) visa.

Kung pinagkalooban ka ng ETA, eVisitor o Visitor visa, hindi ito nangangahulugan na isinaalang-alang ka para sa o nabigyan ka ng pahintulot na magbiyahe papunta sa Australia. Kailangan mong mag-apply para sa isang pahintulot na magbiyahe at magbigay ng katibayan upang suportahan ang iyong mga claim, maliban kung nagbibiyahe ka sa loob ng Lugar na Ligtas Magbiyahe.

Pagkagambala ng mga serbisyo

Maaaring maapektuhan ng COVID-19 ang ilang serbisyo na may kaugnayan sa proseso ng aplikasyon ng visa at lalong hindi magagamit ang mga serbisyong inaasahan natin.

Kasama dito ang mga panel ng doktor sa ibang bansa (tingnan sa ibaba), mga pasilidad sa pagsusullit sa wikang Ingles, mga sentro ng pagkolekta ng biometric.

Habang hindi available ang mga serbisyong ito, maraming aplikante ang hindi makakatugon sa mga kailangan sa visa. Bibigyan ng karagdagang panahon ang mga aplikante para kumpletuhin ang mga pag-check at ibigay ang hiniling na impormasyon.

Mga medikal na appoinment para sa visa

Dapat na batid ng mga kliyente ang mga pagkagambala sa mga serbisyong medikal para sa visa, dahil sa COVID-19.

Batid ng aming mga opisyal sa pagpoproseso ang mga pagkagambala Isasaalang-alang namin ang mga karagdagang panahon kapag pinagpapasyahan ang iyong aplikasyon ng visa. Pansamantalang suspendido ang My Health Declarations. Ang Health Requirement kabilang ang mga pagsusuri ng kalusugan para sa iyong nais na visa ay tutukuyin sa sandaling nasimulan na ang iyong aplikasyon ng visa.

Kung hindi mo magagawang sumailalim sa pagsusuri ng kalusugan ayon sa hiniling na takdang oras na nasa sulat sa iyo na *Kahilingan para sa Pagsusuri ng Kalusugan*, dapat mong abisuhan ang Departamento sa pamamagitan ng paglalakip ng mga detalye gamit ang iyong ImmiAccount.

Hindi na kailangang makipag-ugnayan sa isang klinika para sa serbisyong medikal para sa visa sa Australia o panel na klinika sa ibang bansa sa ngayon kung hindi ka pa nakapagsimula ng aplikasyon ng visa o hindi ka hiniling na magsagawa ng medikal na pagsusuri para sa immigration.

Mga appointment para sa pagkuha ng mga biometric

Nakadepende sa mga paghihigpit sa loob ng bansa kaugnay ng COVID-19 ang pagkakaroon ng Australian Visa Application Centre (mga AVAC) at mga Australian Biometrics Collection Centre (mga ABCC).

Maaaring mag-alok ang ilang collection centre ng mga serbisyong tulong sa online na paghahain ng aplikasyon para sa visa.

Puwede mo ring gamitin ang iyong kasalukuyang *sulat para sa pangangailangang magbigay ng mga personal na pagkakakilanlan (mga biometric)* para mag-book at

pumunta sa isang appointment. Kung nag-apply ka para sa iyong visa online, makukuha ang kopya ng sulat na ito sa iyong ImmiAccount.

Dapat kang makipag-ugnayan sa iyong lokal na AVAC o ABCC para magsaayos ng isang appointment. Maaari mong tingnan ang aming website para sa na-update na impormasyon sa mga AVAC at ABCC, kabilang ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan at mga oras na bukas ito sa iyong bansa. Tingnan ang: Mga tanggapan sa labas ng Australia

Batid naming maaaring hindi ka makapagbigay ng mga biometric sa ilang lokasyon nang dahil sa mga paghihigpit sa loob ng bansa kaugnay ng COVID-19. Hindi mo kailangang makipag-ugnayan sa amin kung:

- pansamantalang sarado ang collection centre sa inyong lugar
- may mga lock-down sa inyong lugar na humahadlang sa iyo na makabiyahe papunta sa collection centre.